Australian Government

COVID-19 VACCINATION

Matapos kang mabakunahan laban sa COVID-19

Ika-17 ng Hunyo 2022

Ano ang side effect?

Pagkatapos ang iyong pagbabakuna, maaaring may maramdaman kang ilang mga **side effect.**

Ang side effect ay isang bagay na maaaring mangyari sa mga tao pagkatapos nilang uminom ng gamot.

Hindi lahat ng tao ay nagkakaroon ng mga side effect.

Karamihan sa mga side effect ay hindi magpapasakit ng husto sa iyo.

Ngunit ilang mga side effect ay maaaring malubha.

Ang mga side effect na ito ay **napakabihira**.

Mga side effect ng mga bakuna laban sa COVID-19

Karamihan ng mga side effect ay ng mga bakuna laban sa COVID-19 ay:

- hindi malubha
- kusang mawawala sa loob ng 1 hanggang 2 araw.

Kabilang sa mga **karaniwang** side effect ang:

- makirot o pamamaga sa iyong braso kung saan naturukan ng karayom
- lagnat
- makirot na mga kalamnan o kasukasuhan
- pagkapagod
- sakit ng ulo
- panlalamig.

Kabilang sa mga bihirang side effect ang:

- pamumula o pangangati sa iyong braso kung saan itinusok ang karayom
- parang nasusuka ka
- parang masakit ang iyong sikmura

- mga bukol sa iyong leeg
- kirot sa iyong paa
- hindi nakakatulog nang husto.

Mga reaksyon ng alerdyi

May mga taong maaaring makaranas ng mga **reaksyon ng alerdyi** sa bakuna laban sa COVID-19.

Ang reaksyon ng allerdyi ay kapag ang iyong katawan ay nagkaroon ng reaksyon sa isang bagay, katulad sa pagkain o gamot. Halimbawa, maaaring magkaroon ka ng isang makating pantal o mamaga ang dila mo.

Mga malubha ngunit bihirang side effect

Kabilang sa mga malubhang side effect ang:

- masamang pakiramdam o nasusuka
- nahihirapang huminga

- **hinihingal** – may tunog kung humihinga ka na hindi karaniwang napapakinggan
- naramdaman ang napakabilis na tibok ng puso
- kirot sa paa
- pagkatumba o pagkahimatay.

Bihira ngunit malubhang mga side effect: pamumuo ng dugo

Isa pang malubhang side effect ay ang pamumuo ng dugo. Kung ang dugo ay kakapal at lalapot, ito ang tinatawag na isang pamumuo ng dugo.



Ang bihirang kondisyong ito ay maaaring magiging sanhi ng matagalang kapansanan o kamatayan. Ngunit itong mga pamumuo ng dugo ay maaaring mabisang magamot.

Kabilang sa mga sintomas ng bihirang side effect na ito ang:

- malalang sakit ng ulo na:
  - magsisimula nang di-kukulangin sa 4 na araw pagkatapos ng pagbabakuna
  - hindi nawawala sa pag-inom ng pamatay-kirot na gamot
  - lalong lumalala kung nakahiga ka.

- malabong paningin
- nahihirapang magsalita
- inaatake (seizure)

- kirot sa dibdib o paa

- sakit ng sikmura na hindi mawala-wala



- mga maliliit na batik sa loob ng balat na malayo sa lugar ng braso na pinagtusukan ng karayom.

Ano ang dapat mong gawin kapag nakaramdam ka ng mga side effect?

Kung magkakaroon ka ng anumang mga **malubhang side effect** o **malalang** reaksyong sa alerdyi pagkatapos mong mabakunahan laban sa COVID-19, tumawag ka kaagad ng ambulansiya sa 000.

Kung mayroon kang mga **karaniwang** side effect na gumagambala sa iyo, uminom ka ng gamot laban sa kirot.

Ang isang simpleng gamot laban sa kirot katulad ng paracetamol o ibuprofen ay maaaring tama para sa iyo.

Itanong sa iyong doktor bago gumamit ng ibang uri ng gamot na laban sa kirot.

Maaari kang magtapal ng cold pack sa lugar na pinagtusukan ng karayom sa braso mo.

Dapat mong kausapin ang iyong doktor kung ikaw ay:

- nag-aalala tungkol sa isang side effect
- nakakaranas ng isang reaksyong alerdyi
- may side effect na nagtatagal nang mahigit sa 1 hanggang 2 araw
- may side effect na nagsisimula sa ika-4 hanggang 42 araw pagkatapos mabakunahan
- may isang side effect na hindi nakalista sa papel-kaalamang ito.

Kailangan mo bang magpasuri para sa COVID-19 pagkatapos mong mabakunahan?

Ang ilan sa mga side effect ng bakuna ay katulad ng mga **sintomas** ng COVID-19. Ang sintomas ay palatandaan na ikaw ay maaaring may sakit.

May ilang tao na maaari pa ring magkasakit ng COVID-19 pagkatapos mabakunahan.

Dapat kang magpasuri para sa COVID-19 kung mayroon kang anumang mga sintomas ng COVID-19, kabilang ang:

- lagnat
- pagkapagod

- masakit na lalamunan
- ubo
- pangangapos ng hininga
- kawalan ng iyong panlasa
- kawalan ng iyong pang-amoy.

Maaari ring kailangan mong magpasuri para sa COVID-19 kung may nakasama kang may COVID-19 kamakailan lamang.

Kung hindi ka sigurado, kausapin ang iyong doktor or tumawag sa National Coronavirus Helpline sa **1800 020 080**. Piliin ang opsyon 8 para sa libreng serbisyo ng pag-iinterprete.

Karagdagang impormasyon

Maaari kang bumisita sa website ng Kagawaran ng Kalusugan sa **www.health.gov.au/covid19-vaccines-languages** para sa karagdagang impormasyon tungkol sa bakuna sa inyong wika.

Maaari kang tumawag sa National Coronavirus Helpline sa **1800 020 080.** Piliin ang opsyon 8 para sa libreng serbisyo ng pag-iinterprete.